Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-27 NG HUNYO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. Heidi S. Ciriaco | .............. | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr | ................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. EdgardoT. Porca | ................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 159 -T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG HALAGANG TATLONG MILYON PITONG DAAN APATNAPU'T PITONG LIBO TATLUMPU'T ISANG PISO AT APATNAPU'T PITONG SENTIMOS (P3,747,031.47) BILANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 SA TAONG ITO UPANG ILAAN SA PATULOY NA PAGSASAKATUPARAN NG SALARY STANDARDIZATION LAW (SSL) AT BILANG PAGTALIMA SA LOCAL BUDGET CIRCULAR (LBC) NO. 69-2000.*

*SAPAGKA'T*, ang halagang nabanggit sa itaas nito bilang karagdagang badyet ng pamahalaang bayan para sa taong ito ay ilalaan para sa pagpapatuloy ng Salary Standardization Law (SSL) at pagtalima sa Seksyon 8 ng LBC # 69 na may petsa ika-21 ng Marso, 2001 na kinapapalooban ng karampatang pasahod ng mga kawani magmula sa buwan ng Marso ng taong kasalukuyan;

*SAPAGKA'T*, ang nasabing halaga ay magmumula sa pangkalahatang pondong inilaan para sa SSL Blg. 69 na nakapaloob sa pinagtibay na Taunang Badyet 2001 na nagkakahalaga ng P2,443,000.00 at mga bakanteng posisyon na may nakalaang pondo mula sa buwan ng Enero hanggang Disyembre, 2001 na nasa halagang P1,280,115.89 at sa Insentibong Benepisyo (Tanggapan ng Punong Bayan) na nagkakahalaga ng P24,000.00.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang sumusunod na:

*KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 15-T'2001*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilaan ang halagang P3,747,031.47 bilang karagdagang badyet ng pamahalaang bayan para sa taong ito na magmumula sa Pangkalahatang pondong inilaan sa Salary Standardization Law Blg. 69 na nakapaloob sa pinagtibay na Taunang Badyet ng Pamahalaang Bayan na nagkakahalaga ng P2,443,000.00; mga bakanteng posisyon na may nakalaang pondo mula sa buwan ng Enero hanggang Disyembre, 2001 na may halagang P1,280,115.89 at insentibong benepisyo (Tanggapan ng Punong bayan) na may halagang P24,000.00, na ang nasabing karagdagang badyet ay gagamitin para sa patuloy na pagsasakatuparan ng Salary Standardization Law at pagtalima sa LBC #69 – 2000, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN: Na* pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan